# *Ang Hapunan ng Panginoon*

***"14 At nang dumating ang oras, ay naupo siya, at ang mga apostol ay kasalo niya.15 At sinabi niya sa kanila, Pinakahahangad kong kanin na kasalo ninyo ang kordero ng paskuang ito bago ako maghirap: 16 Sapagka't sinasabi ko sa inyo, Ito'y hindi ko kakanin, hanggang sa ito'y maganap sa kaharian ng Dios. 17 At siya'y tumanggap ng isang saro, at nang siya'y makapagpasalamat, ay sinabi niya, Kunin ninyo ito, at inyong pagbahabahaginin: 18 Sapagka't sinasabi ko sa inyo, na hindi na ako iinom mula ngayon ng bunga ng ubas, hanggang sa dumating ang kaharian ng Dios.19 At siya'y dumampot ng tinapay, at nang siya'y makapagpasalamat, ay kaniyang pinagputolputol, at ibinigay sa kanila, na sinasabi, Ito'y aking katawan, na ibinibigay dahil sa inyo: gawin ninyo ito sa pagaalaala sa akin. 20 Gayon din naman ang saro, pagkatapos na makahapon, na sinasabi, Ang sarong ito'y ang bagong tipan sa aking dugo, na nabubuhos nang dahil sa inyo." (Lucas 22:14-20 KJV)***

Ginagawa natin ang Hapunan ng Panginoon at isinasagawa natin iyon dahil iniutos ng Panginoon sa atin at sinabi, ***'gawin ninyo ito sa pagaalaala sa akin."*** Kaya hindi lamang natin kailangang alalahanin at gawin ang Hapunan ng Panginoon para sa Panginoon na nagbigay ng Kanyang katawan at ibinuhos ang Kanyang dugo para sa ating buhay, kundi kailangan din nating alalahanin at gawin ang buong mga utos ng Dios at ang mga tagubilin ng Panginoon.

Kaya hindi tama na ipagdiwang ang Hapunan ng Panginoon ngunit kalimutan ang Salita ng Dios at ang Kanyang mga utos. Dahil dito tanging ang mga alagad na buong pusong sumusunod sa Dios ang inanyayahan sa Hapunan ng Panginoon. Kaya kailangan nating isagawa ang Hapunan ng Panginoon kasama ng mga alagad at hindi ng karamihan, Inanyayahan ni Jesus ang Kanyang mga alagad, ang Kanyang mga apostol at sila ang Kanyang mga manggagawa na makibahagi sa Hapunan ng Panginoon.

Ano ang kahulugan ng Hapunan ng Panginoon? Ang tinapay ang kumakatawan sa katawan ng Panginoon, ***Ito'y aking katawan, na ibinibigay dahil sa inyo."*** At ang saro sa Bagong Testamento (o ang Bagong Tipan) ay kumakatawan sa dugo ni Jesus ***"Ang sarong ito'y ang bagong tipan sa aking dugo, na nabubuhos nang dahil sa inyo."***

***"53 Sinabi nga sa kanila ni Jesus, Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Maliban nang inyong kanin ang laman ng Anak ng tao at inumin ang kaniyang dugo, ay wala kayong buhay sa inyong sarili.54 Ang kumakain ng aking laman at umiinom ng aking dugo ay may buhay na walang hanggan; at siya'y aking ibabangon sa huling araw. 55 Sapagka't ang aking laman ay tunay na pagkain, at ang aking dugo ay tunay na inumin." (Juan 6:53-55 KJV)*** Nang sinabi ni Jesus, ***"Maliban nang inyong kanin ang laman ng Anak ng tao at inumin ang kaniyang dugo, ay wala kayong buhay sa inyong sarili."*** may mga taong mali ang kanilang pagkaunawa na kapag iniisip nila na kapag sila'y nakibahagi sa Hapunan ng Panginoon sila'y magkakaroon ng walang hanggan buhay. Iyon ay hindi tama. Upang maunawaan kung ano ang Hapunan ng Panginoon kailangan nating maunawaan kung ano ang katawan ni Jesus at ang Kanyang dugo.

***"Nang pasimula siya ang Verbo, at ang Verbo ay sumasa Dios, at ang Verbo ay Dios." (Juan 1:1 KJV)*** Ang Salita ng Dios ay sumasa Dios at ang Salita ay ang Dios at sa ***Juan 1:14,*** mababasa natin, ***"At nagkatawang-tao ang Verbo, at tumahan sa gitna natin (at nakita namin ang kaniyang kaluwalhatian, kaluwalhatian gaya ng sa bugtong ng Ama), na puspos ng biyaya at katotohanan."*** Ang Salita ay naging laman at iyon ay si JesuCristo, ang buhay na Salita.

Kaya nang sinabi ni Jesus sa ***Juan 6:53, "Sinabi nga sa kanila ni Jesus, Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Maliban nang inyong kanin ang laman ng Anak ng tao at inumin ang kaniyang dugo, ay wala kayong buhay sa inyong sarili." (Juan 6:56 KJV)*** Ibig sabihin kung nabubuhay tayo sa Kanyang Salita, kung gayon tayo'y mananatili sa Kanya at Siya ay sumasa atin. Samakatuwid tayo ay pinakain at nabubuhay sa Salita ng Dios, nanatili sa Kanya at Siya ay sumasa atin sa pamamagitan ng Kanyang Salita, at isinasagawa natin ng Huling Hapunan ng Panginoon ipinapahayag ang katotohanang ito sa ating buhay.

Ating pagnilayan ang mga sumusunod na puntos tungkol sa Huling Hapunan:

***1. <u>Ang Hapunan ng Panginoon ay kumakatawan sa paghahandog</u>:*** Kapag kinain natin ang tinapay ipinapaalala sa atin na si Jesus ay bumaba sa lupa bilang isang tao at iniaalay ang Kanyang katawan para sa atin. Siya ay ipinanganak bilang Anak ng Dios; Siya ay naglingkod sa sangkatauhan bilang tao at gumawa ng mga himala sa pagiging Dios. Kapag ininom natin ang saro ipinapaalala sa atin ang dugo ni Jesus na ibinuhos sa krus para sa kapatawaran ng ating mga kasalanan. Bago si Jesus, sa Lumang Tipan, ang mga tao ay hindi maaring dumirekta sa Dios dahil sa kasalanan. Ngunit sa pamamagitan ni Jesus tinanggap natin ang bagong tipan. Dahil kung walang pagbubuhos ng dugo ay walang kapatawaran ng kasalanan. ***"22 At ayon sa kautusan, ay halos***

***masasabi kong lahat ng mga bagay ay nililinis ng dugo, at maliban na sa pagkabuhos ng dugo ay walang kapatawaran." (Hebrew 9:22 KJV)*** Maari na tayong makalapit sa luklukan ng biyaya ng Dios dahil binayaran na ni Jesus ang kasalanan. Siya ay naging handog para sa ating mga kasalanan. ***"23 Sapagka't ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan; datapuwa't ang kaloob na walang bayad ng Dios ay buhay na walang hanggan kay Cristo Jesus na Panginoon natin." (Roma 6:23 KJV)*** Gayunpaman, ang Hapunan ng Panginoon ay hindi kaugalian kundi isang utos upang gawin gaya ng sinabi ni Jesus, ***'gawin ninyo ito sa pagaalaala sa akin."*** Kaya, hindi natin dapat balewalain ito kundi dapat nating tanggapin ang Hapunan ng Panginoon matapos nating siyasatin ang ating sarili at tiyakin na ang ating mga kasalanan ay pinatawad sa pamamagitan ng paniniwala kung sino si Jesus, at sa paglapit sa Kanya nang may nagsisisi na puso. ***"28 Datapuwa't siyasatin ng tao ang kaniyang sarili, at saka kumain ng tinapay, at uminom sa saro.29 Sapagka't ang kumakain at umiinom, ay kumakain at umiinom ng hatol sa kaniyang sarili, kung hindi niya kinikilala ang katawan ng Panginoon." (1 Corinto 11:28-29 KJV)*** Ang kamalayan sa kasalanan ay nag uudyok sa atin na magsisi habang kinikilala natin ang sakripisyo ni Jesus para sa ating mga kasalanan at pinahahalagahan ang Kanyang pagdurusa sa krus para iligtas natin tayo. Ngunit kung hindi ka handang magsisi, mas mabuti huwag kunin ang Huling Hapunan ng Panginoon, dahil sa paggawa niyon ikaw ay nagdadala ng paghatol sa iyong sarili. Tayo bilang Simbahan ng Dios itinagubilin sa atin na ang Hapunan ng Panginoon ay ibibigay lamang sa mga alagad; sa mga nabautismuhan sa tubig at ipinangako ang kanilang sarili na sumunod kay Cristo nang buong puso, kaya hindi natin iminumungakahi ang Hapunan ng Panginoon sa karamihan na hindi pa ipinangako ang buhay at puso nila sa Dios. Iminumungkahi natin ang Hapunan ng Panginoon para sa mga nagtalaga ng kanilang buhay sa Dios, kay Cristo sa Salita ng Dios at gawin nang maingat ang kanilang mga pananagutan sa Dios, sa kanilang pamilya at sa Simbahan ng Dios.

***2. <u>Ang Hapunan ng Panginoon ay ipinahayag na si Jesus ay namatay</u>: "26 Sapagka't sa tuwing kanin ninyo ang tinapay na ito, at inuman ninyo ang saro, ay inihahayag ninyo ang pagkamatay ng Panginoon hanggang sa dumating siya." (1 Corinto 11:26 KJV)*** Ang kaluwalhatian ni Jesus ay hindi lamang makikita sa pamamagitan ng mga himala na Kanyang ginawa o ginagawa Niya. Ang Kanyang kaluwalhatian ay nakita nang Siya ay namatay sa krus, nabuhay mula sa mga patay at itinaas sa Langit. Ito ang katotohanan: Si Jesus ay namatay sa krus upang tubusin tayo mula sa kasalanan at kamatayan. Ipinapahayag natin ito habang magkasama tayong nagbabahagi ng tinapay at saro. Si Jesus ay Dios, ***"6 Na siya, bagama't nasa anyong Dios, ay hindi niya inaring isang bagay na nararapat panangnan ang pagkapantay niya sa Dios," (Filipos 2:6 KJV)***, ngunit Siya ay naging tao upang ibahagi ang sangkatauhan sa mga anak ng Dios. Siya ay namatay sa krus upang lipulin si Satanas na may hawak sa kapangyarihan ng kamatayan. ***"14 Dahil sa ang mga anak ay mga may bahagi sa laman at dugo, siya nama'y gayon ding nakabahagi sa mga ito; upang sa pamamagitan ng kamatayan ay kaniyang malipol yaong may paghahari sa kamatayan, sa makatuwid ay ang diablo:15 At mailigtas silang lahat na dahil sa takot sa kamatayan ay nangasailalim ng pagkaalipin sa buong buhay nila." (Hebreo 2:14-15 KJV)***

***3. <u>Ang Hapunan ng Panginoon ay ipinapahayag ang pangalawang pagdating ng Panginoon</u>: "26 Sapagka't sa tuwing kanin ninyo ang tinapay na ito, at inuman ninyo ang saro, ay inihahayag ninyo ang pagkamatay ng Panginoon hanggang sa dumating siya." (1 Corinto 11:26 KJV)*** Sinabi ng Panginoong Jesus, ***"Datapuwa't sinasabi ko sa inyo, na buhat ngayon ay hindi na ako iinom nitong bunga ng ubas, hanggang sa araw na yaon na inumin kong panibago na mga kasalo ko kayo sa kaharian ng aking Ama." (Mateo 26:29 KJV)*** Itinaas si Jesus sa Langit ngunit Siya ay muling babalik gaya ng Kanyang sinabi, ***"At kung ako'y pumaroon at kayo'y maipaghanda ng kalalagyan, ay muling paririto ako, at kayo'y tatanggapin ko sa aking sarili; upang kung saan ako naroroon, kayo naman ay dumoon." (Juan 14:3 KJV)*** Tayong lahat ay naghihintay para sa pangalawang pagparito ng Panginoon at tayong lahat ay hahatulan sa Kanyang pagparito. ***"At marami sa kanila na nangatutulog sa alabok ng lupa ay mangagigising, ang iba'y sa walang hanggang buhay, at ang iba'y sa kahihiyan at sa walang hanggang pagkapahamak." (Daniel 12:2 KJV)*** Tayo na nananiniwala kay Jesus at sumusunod sa Kanyang Salita ang ating pangalan ay nakasalulat sa aklat ng buhay. ***"15 At kung ang sinoman ay hindi nasumpungang nakasulat sa aklat ng buhay, ay ibinulid sa dagatdagatang apoy." (Pahayag 20:15 KJV)*** Sa pakikibahagi natin tinapay at sa saro ipinapahayag natin na tayo'y naghihintay para sa pangalawang pagparito ng Panginoong Jesucristo upang kunin tayo kasama Niya. Kaya kailangan mo talagang maging handa upang maging bahagi ng Hapunan ng Panginoon! Handa ka na ba sa ikalawang pagparito ng Panginoon? Ihanda ang iyong sarili at maging handa.

***4. <u>Ang Hapunan ng Panginoon ay kumakatawan sa ating patuloy na pakikisama sa Dios</u>:*** Nang tinanggap natin si Jesus bilang ating sariling Panginoon at Tagapagligtas nabuksan ang ating espirituwal na puso para sa Kanya ay makapasok, ***"20 Narito ako'y nakatayo sa pintuan at tumutuktok: kung ang sinoman ay duminig ng aking tinig at magbukas ng pinto, ako'y papasok sa kaniya, at hahapong kasalo niya, at siya'y kasalo ko." (Pahayag 3:20 KJV)*** Ang Panginoong Jesus ngayon ay kasama ng Dios Ama, ngunit ang Banal na Espiritu na ipinadala Niya ay patuloy na kasama natin at nasa atin at tayo ay patuloy na nakikipagpisan sa Kanya. Habang sinusunod natin ang Salita ng Dios ang Banal na Espiritu ay pinarangalan, si Jesus ay niluwalhati at ang Dios Ama ay pinadakila.

**5. *Ang Hapunan ng Panginoon ay binigyang diin ang ating pakikipagkaisa sa isa't isa:*** Ang pamumuhay sa presensya ng Dios ay nagbubunga ng pagkakaisa sa mga mananampalataya at nagtataguyod ng pagsunod sa Salita ng Dios. Hindi tayo mabubuhay nang walang pakikipagkaisa o malayo sa simbahan. Bukod sa pagbabasa ng Bibliya at pananalangin, kailangan nating maging bahagi ng simbahan, ang katawan ni Cristo, upang tayo ay lumago at maging ganap sa espirituwal. At gaya ng naunang Cristiano ay ginawa iyon, ***"42 At sila'y nagsipanatiling matibay sa turo ng mga apostol at sa pagsasamasama, sa pagpuputolputol ng tinapay at sa mga pananalangin." (Mga Gawa 2:42 KJV)***

Ang Hapunan ng Panginoon ay kapareho sa Paskua ng kordero na hiniling ng Dios kay Moises at sa mga Israelita na ipangilin at ingatan. Ang Paskua ng kordero ay ang anino ng kung anong mangyayari kalaunan, ***"1 Sapagka't ang kautusan na may isang anino ng mabubuting bagay na darating, hindi ang tunay na larawan ng mga bagay, kailan pa man ay di maaaring magpasakdal sa mga nagsisilapit sa pamamagitan ng mga hain na laging inihahandog sa taon-taon." (Hebreo 10:1 KJV)*** Sa pamamagitan ni Jesucristo na ating Panginoon at sa Kanyang kamatayan sa krus at sa Kanyang dugo na ibinuhos upang tubusin tayo mula sa ating mga kasalanan tayo ay magkakaroon ng walang hanggang buhay. At tayo ay inutusan na gawin ang Hapunan ng Panginoon gaya ng mga Israelita na inutusan na ipangilin ang Paskua ng Kordero, sapagkat si Jesucristo ay ang ating Kordero ng Paskua na ngsakripisyo para sa atin; ***"5 Alisin ninyo ang lumang lebadura, upang kayo'y maging bagong limpak, na tulad sa kayo'y walang lebadura. Sapagka't ang kordero ng ating paskua ay naihain na, sa makatuwid baga'y si Cristo:" (1 Corinto 5:7 KJV)***

***"28 Sa pananampalataya'y itinatag niya ang paskua, at ang pagwiwisik ng dugo, upang ang manglilipol sa mga panganay ay huwag silang lipulin." (Hebreo 11:28 KJV)*** Ipinagdiwang ni Moises ang Paskua at ang pagwiwisik ng dugo. Inutusan ng Panginoon si Moises at Aaron na ipagdiwang ang sumusunod patungkol sa Paskua: ***"1 At ang Panginoon ay nagsalita kay Moises at kay Aaron sa lupain ng Egipto, na sinasabi, 2 Ang buwang ito'y magiging sa inyo'y pasimula ng mga buwan: siyang magiging unang buwan ng taon sa inyo. 3 Salitain ninyo sa buong kapisanan ng Israel na inyong sabihin: Sa ikasangpung araw ng buwang ito ay magsisikuha sila sa ganang kanila, bawa't lalake, ng isang kordero, ayon sa mga sangbahayan ng kanikanilang mga magulang, isang kordero sa bawa't sangbahayan: 4 At kung ang sangbahayan ay napakakaunti upang kumain ng isang kordero, ay siya nga at ang kaniyang malapit na kapitbahay ay magsasalosalo sa isa ayon sa bilang ng mga tao; ayon sa bawa't tao na kumakain gagawin ninyo ang pagbilang, sa kordero. 5 Ang inyong korderong pipiliin ay yaong walang kapintasan, isang lalake, na iisahing taon: inyong kukunin sa mga tupa, o sa mga kambing: 6 At inyong aalagaan hanggang sa ikalabing apat na araw ng buwang ito, at papatayin ng buong kapulungan ng kapisanan ng Israel, sa paglubog ng araw. 7 At kukuha sila ng dugo niyan, at ilalagay sa dalawang haligi ng pinto at sa itaas ng pintuan, sa mga bahay na kanilang kakainan. 8 At kanilang kakanin ang laman sa gabing yaon, na inihaw sa apoy, at tinapay na walang lebadura, kakanin nilang kaulam ng mapapait na gulay. 9 Huwag ninyong kaning hilaw, o luto man sa tubig, kundi inihaw sa apoy; ang kaniyang ulo pati ng kaniyang mga paa at pati ng kaniyang mga lamang loob. 10 At huwag kayong magtitira ng anoman niyaon hanggang sa kinaumagahan; kundi yaong matitira niyaon sa kinaumagahan ay inyong susunugin sa apoy. 11 At ganito ninyo kakanin; may bigkis ang inyong baywang, ang inyong mga pangyapak ay nakasuot sa inyong mga paa, at ang inyong tungkod ay tangnan ninyo sa inyong kamay; at inyong kakaning dalidali; siyang paskua ng Panginoon. 12 Sapagka't ako'y dadaan sa lupain ng Egipto sa gabing yaon, at aking lilipulin ang lahat ng mga panganay sa lupain ng Egipto, maging tao at maging hayop; at gagawa ako ng kahatulan laban sa lahat ng mga dios sa Egipto, ako ang Panginoon. 13 At ang dugo ay magiging sa inyo'y isang tanda sa mga bahay na inyong kinaroroonan: at pagka aking nakita ang dugo, ay lalampasan ko kayo, at walang salot na sasainyo, na papatay sa inyo, pananakit ko sa lupaing Egipto." (Exodu 12:1-13 KJV)***

Si Moises at ang bayan ng Dios sa Egipto ay naniniwala na kapag inilagay nila ang dugo sa dalawang gilid ng poste at sa itaas na poste ng pintuan ng bahay kung saan kakainin nila ang tupa at maliligtas mula sa kamatayan. Tayo ay naligtas mula sa kamatayan sa biyaya sa pamamagitan ng pananampataya kay Cristo Jesus, ***"8 Sapagka't sa biyaya kayo'y nangaligtas sa pamamagitan ng pananampalataya; at ito'y hindi sa inyong sarili, ito'y kaloob ng Dios;" (Epeso 2:8 KJV)***

Ngunit kailangan mong pagmasdan na si Moises at ang mga taong kasama niya ay hindi lamang ipinangilin ang paglalagay ng dugo ngunit kinain din nila ang tupa. Tulad sa atin ang ating tupa, ang Panginoong Jesucristo, ang buhay na Salita, kung gayon hindi mo kailangang maniwala lamang kundi makibahagi at mamuhay ayon sa Salita ng Dios, para kay Jesus ay ang buhay na Salita ng Dios. Para kay Moises at sa mga Israelita ay mga tuntunin na kailangang sundin bago makibahagi ng Paskua: ***"43 At sinabi ng Panginoon kay Moises at kay Aaron, Ito ang tuntunin sa paskua: walang sinomang taga ibang lupa na kakain niyaon: 44 Datapuwa't ang alipin ng bawa't lalake na nabili ng salapi, pagkatuli sa kaniya'y makakakain nga niyaon. 45 Ang nakikipamayan at ang alilang binabayaran ay hindi kakain niyaon. 46 Sa isang bahay kakanin; huwag kang magdadala ng laman sa labas ng bahay, ni sisira kayo ng kahit isang buto niyaon. 47 Ipangingilin ng buong***

***kapisanan ng Israel. 48 At pagka ang isang taga ibang lupa ay makikipamayan kasama mo, at mangingilin ng paskua sa Panginoon, ay tuliin lahat ang kaniyang mga lalake at saka siya lumapit at ipangilin: at siya'y magiging parang ipinanganak sa lupain ninyo; datapuwa't sinomang di tuli ay hindi makakakain niyaon. 49 Isang kautusan magkakaroon sa ipinanganak sa lupain, at sa taga ibang bayan na nakikipamayang kasama ninyo. 50 Gayon ginawa ng lahat ng mga anak ni Israel; kung paanong iniutos ng Panginoon kay Moises at kay Aaron, gayon nila ginawa. 51 At nangyari nang araw ding yaon, na kinuha ng Panginoon ang mga anak ni Israel sa lupain ng Egipto, ayon sa kanilang mga hukbo." (Exodo 12:43-51 KJV)***

***A. "At sinabi ng Panginoon kay Moises at kay Aaron, Ito ang tuntunin sa paskua: walang sinomang taga ibang lupa na kakain niyaon:" (Exodu 12:43)*** Dapat alamin natin nang maayos ang buhay ng mga tao bago natin anyayahan sila sa Hapunan ng Panginoon. Gagawin natin ang Hapunan ng Panginoon kasama lamang ang mga alagad.

***B. "44 Datapuwa't ang alipin ng bawa't lalake na nabili ng salapi, pagkatuli sa kaniya'y makakakain nga niyaon." (Exodu 12:44):*** Ang pagsasalita tungkol sa pagtutuli ay ang pagtutuli ng puso, upang mamuhay nang malayo sa makasalanang kalikasan. Tanging ang mga nagiingat na mamuhay sa kabanalan ang dapat tumanggap ng Hapunan ng Panginoon. Kung nabubuhay ka pa rin sa kasalanan at hindi handang magsisi, mas mabuting huwag kang makibahagi sa Hapunan ng Panginoon.

***C. "45 Ang nakikipamayan at ang alilang binabayaran ay hindi kakain niyaon." (Exodo 12:45 KJV)*** Ang mga hindi bahagi ng ministeryo ay dapat makibahagi nito kasama ng kanilang sariling mga simbahan at ministeryo. Ang mga bayarang mga manggagawa at ministro ay hindi huwaran para sa ating paglilingkod sa Dios. Ang ministeryo ay hindi isang trabahong may bayad na dapat gampanan. Ito ay isang tungkulin at pangako at hindi maituturing na trabaho at empleyo.

***D. "46 Sa isang bahay kakanin; huwag kang magdadala ng laman sa labas ng bahay," (Exodo 12:46 KJV):*** Ang pangulo ng tahanan ay ang taong may pananagutan upang makilala ang bawat tao sa kanyang sangbahayan bago siya/niya ay makasangkot sa Hapunan ng Panginoon. Ngayon ang nagtalagang tapat na mga manggagawa ay ang mga kasapi ng sangbahayan ng Dios na inanyayahan sa Hapunan ng Panginoon.

***E. "Ni sisira kayo ng kahit isang buto niyaon." (Exodo 12:46 KJV)*** Walang utos ng Dios ang masisira. Dapat mong ingatan ang lahat ng mga utos ng Dios at sundin ang Kanyang mga tagubilin.

***F. "47 Ipangingilin ng buong kapisanan ng Israel." (Exodo 12:47)*** Ang bawat mananampalataya ay may pananagutang gawing handa ang kaniyang sarili at mamuhay sa kabanalan upang siya ay makibahagi sa Hapunan ng Panginoon. Ang mga hindi handang italaga ang kanilang buhay nang ganap sa Dios, hindi dapat silang ibilang sa pagkikibahagi ng Hapunan ng Panginoon.

***G. "48 At pagka ang isang taga ibang lupa ay makikipamayan kasama mo, at mangingilin ng paskua sa Panginoon, ay tuliin lahat ang kaniyang mga lalake at saka siya lumapit at ipangilin: at siya'y magiging parang ipinanganak sa lupain ninyo; datapuwa't sinomang di tuli ay hindi makakakain niyaon. 49 Isang kautusan magkakaroon sa ipinanganak sa lupain, at sa taga ibang bayan na nakikipamayang kasama ninyo. (Exodo 12:48-49 KJV)*** Ang kabanalan at pangako na mamuhay ayon sa Salita ng Dios at nagdadala ng evangelio sa ating pamilya at sangbahayan ay ang tuntunin para sa lahat ng mga nagnanais na maging bahagi ng Hapunan ng Panginoon. Sapagkat angs simbahan ngayon ang Hapunan ay katulad ng pagdiriwang ng Paskua, at ang lahat ng mga alagad ay dapat ipangilin ang kabanalan at pamumuhay ayon sa Salita ng Dios at italaga ng kanilang sarili para sa Misyon ni Cristo na ipanagaral ang evangelio bagong ang pagkuha ng Hapunan ng Panginoon.

Sa ***Ezra 6:19-21*** mababasa natin kung paanong ipinangilin ni Ezra ang Paskua sa mga Israelita; tanging sa mga ***"na nangagbalik uli na mula sa pagkabihag, at yaong lahat na sa kanila'y nagsihiwalay sa karumihan ng mga bansa ng lupain, upang hanapin ang Panginoon, ang Dios ng Israel, ay nagsikain."*** sila'y kabilang; ***"19 At ang mga anak sa pagkabihag ay nangagdiwang ng pascua nang ikalabing apat ng unang buwan. 20 Sapagka't ang mga saserdote at ang mga Levita ay nangagpakalinis na magkakasama; silang lahat ay malilinis: at kanilang pinatay ang kordero ng paskua na ukol sa lahat ng mga anak sa pagkabihag, at sa kanilang mga kapatid na mga saserdote, at sa kanilang sarili. 21 At ang mga anak ni Israel, na nangagbalik uli na mula sa pagkabihag, at yaong lahat na sa kanila'y nagsihiwalay sa karumihan ng mga bansa ng lupain, upang hanapin ang Panginoon, ang Dios ng Israel, ay nagsikain." (Ezra 6:19-21 KJV)*** Ang mga nakibahagi sa Paskua, mayroon silang sumusunod:

***1. Na nangagbalik uli na mula sa pagkabihag,*** ibig sabihin nakalaya na sila mula sa kanilang mga pagkaalipin. Ang mga taong naninigarilyo pa rin, nag iinom, nagsisinungaling, nandaraya o gumagawa ng immoral na mga

bagay ay hindi dapat silang anyayahan sa Hapunan ng Panginoon. Kailangan silang palayain mula sa kasalanan sa gayon ay maaari silang makasama natin sa pakikibahagi ng Hapunan ng Panginoon.

***2. at yaong lahat na sa kanila'y nagsihiwalay sa karumihan ng mga bansa ng lupain,*** ibig sabihin sila'y hindi na makamundo at namumuhay sa kasalanan o sumusunod sa makamundong gawain at tradisyon gaya ng mga hindi mananampalataya. Ang mga nagnanais na makibahagi ng Hapunan ng Panginoon hindi na sila nagnanais ng manood ng TV, YOU tubes, mga pelikula, paghahangad na pumunta sa mga pagtitipon, paggastos ng malaki pagkakaroon ng masamang mga kaibigan, pagkakaroon ng makamundong gawain, atbp.

***3. upang hanapin ang PANGINOON,*** ibig sabihin sila'y lumayo na mula sa dating buhay ng kasalanan at kadiliman patungo sa kaliwanagan at sinimulang lumapit sa Dios sa paghahanap na gawin ang Kanyang kalooban at paggawa ng Kanyang mga gawain at paglingkuran Siya.

Kaya tayo bilang isang simbahan ay kailangang isagawa ang Hapunan ng Panginoon kasama lamang ang mga alagad na lubos nating kilala na sila'y namumuhay sa Kanyang Salita. Ang Hapunan ng Panginoon ay hindi dapat buksan sa karamihan, sa publiko at sa lahat ng tao sa ating pagpupulong sa simbahan. Ang mga kilala lamang natin na  sumusunod at nagsasagawa ng Salita ng Dios kung gayonsila ang kailangan nating anyayahan. Ginagawa natin ang Hapunan ng Panginoon isang beses sa isang taon hiwalay sa pagpupulong, at inaanyayahan natin ang mga alagad lamang.

Dapat ipagdiwang ng simbahan na ang Hapunan ng Panginoon ay dapat gawin sa karapat dapat na paraan, ***"27 Kaya't ang sinomang kumain ng tinapay, o uminom sa saro ng Panginoon, na di nararapat, ay magkakasala sa katawan at dugo ng Panginoon." (1 Corinto 11:27 KJV)*** Ang mga nabautismuhan sa tubig at itinalaga ang kanilang buhay upang paglingkuran ang Panginoon at lumalakad ayon sa Kanyang Salita sila'y aanyayahan sa dulang ng Panginoon.

Gaya nang nalaman natin kung ano ang tinapay at ang saro, ang sangkap ng Hapunan ng Panginoon at tulad ng nalaman natin ang kahalagahan ng ating kahandaang mamuhay sa Kanyang Salita at isagawa ito bago tayo makibahagi sa Dulang ng Panginoon, kung gayon kailangan nating alamin kung ano ang pagkain ni Jesus at kung ano ang Kanyang ipinamumuhay. Sa ***Juan 4*** habang ibinabahagi ni Jesus ang Salita ng Dios sa isang makasalanang babae nilapitan Siya ng Kanyang mga alagad upang kumain kasama nila ng pagkain na kanilang dinala mula sa malapit na bayan, sinabi ni Jesus sa kanila, ***"32 Datapuwa't sinabi niya sa kanila, Ako'y may pagkaing kakanin na hindi ninyo nalalaman." (Juan 4:32 KJV)*** At pagkatapos sinabi sa kanila, ***"Sinabi sa kanila ni Jesus, Ang pagkain ko ay ang aking gawin ang kalooban ng sa akin ay nagsugo, at tapusin ang kaniyang gawa." (Juan 4:34 KJV)*** Samakatuwid habang tayo'y nakikibahagi sa Hapunan ng Panginoon kailangan nating makibahagi sa pagkain ni Jesus sa paggawa ng kalooban ng Dios at tapusin ang gawain ng Dios, na sumulong sa pamumuhay sa banal na buhay, pangangaral ng evangelio at paggawa ng bagong mga alagad at pagsasanay ng bagong mga manggagawa.

Ngunit kahit na may mga hakbang sa itaas upang anyayahan ang mga taong alam nating sila ay nagtalaga sa Dios, maaaring hindi tayo tama sa ating desisyon, dahil hindi tayo ang Dios at maaaring hindi natin alam nang mabuti kung ano ang nasa puso ng bawat tao at kung ano ang lihim ng kanilang sariling buhay. Kaya bawat tao na ating inanyayahan sa Hapunan ng Panginoon kalaunan siya pa rin ay may pananagutan na magsisi at umalis sa kasalanan kung siya ay may nakatagong kasalanan sa kanyang buhay, ***"28 Datapuwa't siyasatin ng tao ang kaniyang sarili, at saka kumain ng tinapay, at uminom sa saro. 29 Sapagka't ang kumakain at umiinom, ay kumakain at umiinom ng hatol sa kaniyang sarili, kung hindi niya kinikilala ang katawan ng Panginoon." (1 Corinto 11:28-29 KJV)***

Nang inayayahan ni Cristo ang Kanyang mga Apostol, si Judas ang isa sa kanila. Hindi alam ng mga alagad na siya ay isang magnanakaw at siya ay nagbabalak na pagtaksilan ang Panginoon. Ang mga alagad ay walang kamalayan sa kanyang espirituwal na kalagayan. Kaya sa parehong paraan kapag inanyayahan natin ang mga tao na batid natin na sila'y mga alagad at sila'y naglilingkod sa Panginoon kasama natin, hindi pa rin natin magagawang matuklasan ang kanilang mga lihim na kasalanan kaya sila ay may pananagutan sa Dios na hayaan ang Banal na Espiritu na siyasatin sila, at magsisi sa kanilang mga kasalanan. Samakatuwid, ***"28 Datapuwa't siyasatin ng tao ang kaniyang sarili, at saka kumain ng tinapay, at uminom sa saro. 29 Sapagka't ang kumakain at umiinom, ay kumakain at umiinom ng hatol sa kaniyang sarili, kung hindi niya kinikilala ang katawan ng Panginoon." (1 Corinto 11:28-29 KJV)*** * Kailangan nating gawing napakalinaw ito kapag inanyayahan natin ang ating mga alagad sa Hapunan ng Panginoon, kailangan nating ipaliwanag sa kanila ang lahat ng bagay at kailangan nating ipaunawa sa kanila na sila ay may pananagutan sa Panginoon, na magsisi sa anumang kasalanan na kanilang itinatago. Ang sinasabi natin dito ay ito: * *Kapag tayo'y naanyayahan sa Hapunan ng Panginoon dahil iyon ay pinakaiibig tayo ng Dios at ang ating pagtugon sa pagibig ng Dios at magsisi mula sa ating mga kasalanan at ipamuhay ang ating buhay para sa Kanya.* * Ang kabanalan ay dapat maging pamantanyan para sa ating buhay at pamumuhay, kung gayon maari tayong makibahagi sa Hapunan ng

Panginoon. * Marami ang nakikibahagi sa Hapunan ng Panginoon iniisip na ang Hapunan ng Panginoon ay makakaligtas sa kanila. Iyon ay hindi tama, Ang dugo ni Cristo ang makakapagligtas sa atin at iyon ang kabayaran sa ating mga kasalanan kapag tayo'y nagsisi. Sa pagtanggap kay Cristo at pamumuhay sa Kanyang Saliata, paggawa ng Kanyang kalooban at tapusin ang Kanyang gawain ay ating pagkamarapat para sa Hapunan ng Panginoon.

***Sa aking Mahal at Minamahal: "23 Sapagka't tinanggap ko sa Panginoon ang ibinibigay ko naman sa inyo; na ang Panginoong Jesus nang gabing siya'y ipagkanulo ay dumampot ng tinapay; 24 At nang siya'y makapagpasalamat, ay kaniyang pinagputolputol, at sinabi, Ito'y aking katawan na pinagputolputol dahil sa inyo: gawin ninyo ito sa pagaalaala sa akin. 25 At gayon din naman hinawakan ang saro pagkatapos na makahapon, na sinasabi, Ang sarong ito'y siyang bagong tipan sa aking dugo: gawin ninyo ito sa tuwing kayo'y magsisiinom, sa pagaalaala sa akin. 26 Sapagka't sa tuwing kanin ninyo ang tinapay na ito, at inuman ninyo ang saro, ay inihahayag ninyo ang pagkamatay ng Panginoon hanggang sa dumating siya." (1 Corinto 11:23-26 KJV)***

Ngayon ay lumapit sa Panginoon at magsisi at talikuran ang lahat ng iyong mga kasalanan. Ipangako ang iyong sarili sa mga alintuntunin na ating natutunan mula sa Kanyang Salita sa mensaheng ito. Siyasatin ang iyong sarili, hayaan ng Banal na Espiritu na siyasatin ka at magsisi sa iyong mga kasalanan.

Panginoon ako ay lumalapit sa iyong harapan sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon ipinagtatapat ko at tinatalikuran ang sumusunod na mga kasalanan sa aking buhay ________________________.

Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na mamuhay ayon sa iyong Salita, na gawin ang iyong kalooban at maglingkod sa iyo at tapusin ang gawain na ipinagkatiwala mong gawin ko.

***"19 At siya'y dumampot ng tinapay, at nang siya'y makapagpasalamat, ay kaniyang pinagputolputol, at ibinigay sa kanila, na sinasabi, Ito'y aking katawan, na ibinibigay dahil sa inyo: gawin ninyo ito sa pagaalaala sa akin. 20 Gayon din naman ang saro, pagkatapos na makahapon, na sinasabi, Ang sarong ito'y ang bagong tipan sa aking dugo, na nabubuhos nang dahil sa inyo." (Lucas 22:19-20 KJV)*** *Panginoon salamat sa iyong katawan na ibinagay at ipinako sa krus para sa amin. Panginoon salamat para sa iyong dugo na ibinuhos sa krus para sa aming mga kasalanan upang bigyan kami ng walang hanggang buhay. Panginoon pabanalin ang mga sangkap na ito ng tinapay at saro. Panginoon pabanalin kami sa pamamagitan, ng katawan, kaluluwa at espiritu habang ipinapangako namin ang aming sarili na ipamuhay ang aming buhay para sa iyo at paglingkuran ka.*

Ang tinapay ay kumakatawan sa katawan ni Jesucristo na ibinigay at pinagputolputol at ipinako sa krus para sa atin, at ang saro ng Bagong Tipan ay kumakatawan sa dugo ni Jesus na ibinuhos sa krus para sa kapatawaran ng ating mga kasalanan.

Kapag handa kana lumapit at kunin ang tinapay at ang saro at ingatan sa iyo upang kanin ang mga ito nang magkakasama.

***"23 Sapagka't tinanggap ko sa Panginoon ang ibinibigay ko naman sa inyo; na ang Panginoong Jesus nang gabing siya'y ipagkanulo ay dumampot ng tinapay; 24 At nang siya'y makapagpasalamat, ay kaniyang pinagputolputol, at sinabi, Ito'y aking katawan na pinagputolputol dahil sa inyo: gawin ninyo ito sa pagaalaala sa akin.*** (Makibahagi tayo sa saro) ***25 At gayon din naman hinawakan ang saro pagkatapos na makahapon, na sinasabi, Ang sarong ito'y siyang bagong tipan sa aking dugo: gawin ninyo ito sa tuwing kayo'y magsisiinom, sa pagaalaala sa akin. 26 Sapagka't sa tuwing kanin ninyo ang tinapay na ito, at inuman ninyo ang saro, ay inihahayag ninyo ang pagkamatay ng Panginoon hanggang sa dumating siya.*** (Makibahagi tayo sa saro)***" (1 Corinto 11:23-26 KJV)*** *Panginoon kami'y nagpapasalamat para sa iyong dakilang pagsasakripisyo sa krus, na namatay ka sa krus para sa aming mga kasalanan upang bigyan kami ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat para sa tuntunin ng Hapunan ng Pangioon at ang pagkikibahaging ito na mayroon kami sa iyo. Salamat sa iyo para sa pagdurusa at para sa iyong katawan na ipinako sa krus at ng iyong dugo na ibinuhos para sa aming mga kasalanan. Panginoon itaas kami ng iyong biyaya, panatilihin kami, protektahan kami at maglaan sa amin upang patuloy ka naming paglilingkuran, pamumuhay sa iyong kalooban at tapusin ang iyong mga gawa hanggang ikaw ay dumating at kunin kami papunta sa Langit.*

*Panginoon salamat para sa Iyong Salita na nagturo sa amin ng tungkol sa tuntunin ng Hapunan ng Panginoon ipinangako namin ang aming sarili na patuloy na gawin iyon sa pag alaala sa iyo. Panginoon ipinangako namin ang aming sarili na mamuhay sa kabanalan, malayo sa kasalanan; ihiwalay ang aming sarili sa*

*makasalanang gawain ng mundong ito. Panginoon ipinangako namin ang aming sarili na managot na ingatan ang tuntuning ito ng Hapunan ng Panginoon at isagawa ito sa isang kapakipakinabang na paraan.*

*Panginoon salamat para sa aking mga kapatid na Lalake at Babae na nagsisi sa kanilang mga kasalanan, ipinangako ang kanilang buhay sa iyo na magpatuloy at maglingkod sa iyo at makibahagi sa Hapunan ng Panginoon; Panginoon protektahan sila at ibigay ang para sa kanila upang patuloy na paglingkuran ka.*

*Panginoon pagpalain kami bilang isang simbahan at tulungan kami na ipatupad nang lubos ang iyong kalooban, at tapusin ang iyong gawain at mamuhay ayon sa iyong Salita, Panginoon tulungan kami sa gayo'y magpatuloy naming ituro kung ano ang naayon sa iyong Salita at ipatupad ang aming natutunan sa mensaheng ito sa buhay ng simbahan at sa aming pamilya at mga alagad. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng espirituwal na mga kaloob upang patuloy at paglingkuran ka pag abot sa naliligaw. Panginoon manguna ka sa amin at tulungan kaming mag evangelio, gumawa ng bagong mga alagad at magsanay ng bagong mga manggagawa na yumaon at magtanim ng bagong mga kapisanan at bagong pag aaral ng Biblia para sa simbahan. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan,'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios'. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biayaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Ang Hapunan ng Panginoon. Lucas 22:14-20. Juan 6:53-56. Juan 1:1, 14. Roma 6:23. I Corinto 11:28-29. Filipos 2: 6. Sa Mga Hebreo 2:14-15. Mateo 26:29. Juan 14:3. Daniel 12:2. Apocalipsis 20:15. Apocalipsis 3:20. Mga Gawa 2:42. Hebreo 10:1. 1 Corinto 5:7. Hebreo 11:28. Exodo 12:1-13, 43-51. Efeso 2:8. Ezra 6:19-21. I Corinto 11:23-29. Juan 4:32, 34.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com